Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-13 NG ABRIL, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 84-2020**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI G. MIGUEL VILLANUEVA SANTOS, ISANG BETERANONG SUNDALONG PILIPINO NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG (WORLD WAR II).**

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. ENRICO C. CAPULE
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT**, Si G. Miguel Villanueva Santos, isang beteranong sundalong Pilipino ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at miyembro ng Veterans Federation of the Philippines (VFP), ay sumakabilang buhay noong ika-11 ng Abril, 2020;

**SAPAGKAT**, ang kanyang pagyao ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaanak, ngunit pati na rin sa mga mamamayan ng Barangay Atlag at ng Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT**, siya ay isang huwarang mamamayan at naging saksi ang bawat isa mamamayang Pilipino sa kanyang ipinamalas na tapang at pagmamahal sa bayan sa ginanap na Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1939-1945;

**SAPAGKAT**, ang pagyao ni G. Santos ay nag-iwan ng matinding kapanglawan at ang mga katangi-tangi, masikhay at mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat, patuloy na isusulong at itataguyod bilang bantayog ng isang huwarang lingkod ng bayan at isang katangi-tanging bayani na ipinaglaban ang ating bansa;

**SAPAGKAT**, bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang lingkod madla na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo publiko;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda, sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si G. Miguel Villanueva Santos, isang beteranong sundalong Pilipino ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (World War II).

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*04142020